Makakuha ng $10 Weekend Pass para magbiyahe sa GO Transit

I-explore ang Ontario sa weekend at tuklasin ang magagandang park, masasayang attraction para sa pamilya, magagandang shopping, nakamamanghang restaurants, at marami pa! Sa halaga lamang na $10 para sa weekend day pass.

Para makuha ang weekend pass mo:

- Pumunta sa **gotransit.com/weekendpass**
- I-download ang e-ticket sa iyong mobile phone

Handa ka na sa GO!

Kung mayroon kang anumang mga tanong:

Mag-text sa telepono
1-888-GET-ON-GO
(438-6646) toll-free
gotransit.com/newcomer

System Map
Plan du réseau



Para sa mas malaking GO system map, bisitahin ang **gotransit.com/newcomer**

Makikipagkita sa pamilya sa Pearson Airport? Sumakay sa UP Express nang walang stress sa mas mababang pamasahe.

Bumili ng discounted na return “Meeter and Greeter” ticket online mula sa Bloor, Weston, o Union Station at makakarating ka sa airport sa 25 minuto o mas mabilis pa!



Pumunta sa **upexpress.com** para sa higit pang impormasyon.

UP Union Pearson Express

METROLINX

Welcome sa Mga Newcomer!

Para sa impormasyon sa mga karagdagang wika i-scan ang QR code sa likod.

I-explore ang bago niyong tahanan!

Habang nagse-settle kayo sa Greater Golden Horseshoe(GGHA), matuto pa kung paano pinabibilis at pinadadali ng GO Transit, UP Express at PRESTO ang pagbiyahe sa lugar.

Sa GO Transit, dadalhin kayo ng aming mga train at bus kahit saan ninyo kailangang pumunta sa buong rehiyon. Ang UP Express ay isang train na ikinokonekta ang downtown Toronto sa airport sa loob ng 25 minuto na walang-stress. Ang PRESTO card ay ang pinakamadaling paraan para bayaran ang inyong pamasahe sa GO, UP at lokal na transit sa buong rehiyon.

Laging dalhin ang guidebook na ito at gamitin ito para matulungan kayong madaling magbiyahe sa pampublikong transit.
Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa:
gotransit.com/newcomer

PRESTO CARD

Una, kailangan mong magdagdag ng pera sa card:

1. **Magdagdag ng pera sa card:**

   - Gamit ang PRESTO mobile app o online sa **prestocard.ca**
   - Sa PRESTO self-serve machine sa GO train station
   - Sa mga tindahan ng Shoppers Drug Mart sa buong rehiyon

Paano magbayad gamit ang PRESTO para sumakay sa GO train o GO bus

1. Para sa GO train, i-tap ang inyong PRESTO card sa PRESTO machine sa istasyon bago ka sumakay at pagkatapos mong bumaba sa iyong destinasyon.

2. Para sa GO bus, i-tap ang card mo sa pagsakay mo sa bus at muli itong i-tap kapag bumaba ka sa iyong destinasyon

TANDAAN! Laging i-tap ang iyong PRESTO card pagbaba mo sa train o bus, para di ka masingil ng ekstrang pera.

Magsaya at makatipid sa PRESTO Perks!

Makakakuha ka ng mga discount sa maraming attraction sa buong Ontario gamit ang PRESTO Perks program sa pamamagitan ng pagpapakita ng PRESTO card mo.

PRESTO PERKS

Makatipid ng pera kapag bumisita ka sa:

ROM · toronto zoo · ONTARIO SCIENCE CENTRE

At marami pa!

Para sa higit pang mga detalye tungkol sa PRESTO Perks, pumunta sa **prestocard.ca/perks**

Paano magplano ng trip sa GO Transit

Pumunta sa **gotransit.com**, sa Home Page sa ilalim ng **"Plan Your Trip"** piliin ang:

1. Bilang ng mga pasahero
2. Piliin ang **"Depart At"** o **"Arrive By"**
3. Ilagay ang simula mong lokasyon at pagtatapos na lokasyon
4. Petsa ng biyahe
5. Oras ng biyahe
6. Pindutin ang **"Search"**

Mga koneksiyon sa mas marami pang transit agency

Madaling nakakakonekta ang GO Transit sa magkakaibang kompanya ng bus at train sa magkakaibang lugar sa buong Ontario:

Brampton Transit · Burlington Transit · Durham Region Transit · GO · MiWay · Oakville Transit · OC Transpo · TTC · York Region Transit · UP Express

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga discounted na pamasahe para sa mga senior at mga estudyante at mga LIBRENG sakay kapag kumonekta ka sa pagitan ng GO Transit at sa maraming mga ahensiyang ito, pumunta sa aming website: **gotransit.com/newcomer**